# Lumayo Ka Nga Sa Akin

*Bob Ong*

Download now

Read Online

# Lumayo Ka Nga Sa Akin

*Bob Ong*

**Lumayo Ka Nga Sa Akin** Bob Ong
Mula sa kasumpa-sumpang kahirapan at kalunos-lunos na kaignorantehan sa mundong kanyang kinagisnan, namulat si Marie sa tunay na mukha ng matamis at mapapakasakit na pag-ibig.

Ngunit makakayanan niya ba ang mga hamon ng bukas?

Ano ang kanyang magiging kapalaran?

Huwag na huwag palalampasin ang mga tagpo ngayong gabi sa telesineryenobela na kumpleto sa mga pang-aapi, paghihiganti, impostor, amnesia, kasal at diary!

## Lumayo Ka Nga Sa Akin Details

| | | |
|---|---|---|
| Date | : | Published December 11th 2011 by Visprint, Inc. |
| ISBN | : | 9789710545094 |
| Author | : | Bob Ong |
| Format | : | Paperback 186 pages |
| Genre | : | Humor, Fiction, Comedy, Romance, Funny, Contemporary, Realistic Fiction, Adult |

**Download** Lumayo Ka Nga Sa Akin ...pdf

**Read Online** Lumayo Ka Nga Sa Akin ...pdf

**Download and Read Free Online Lumayo Ka Nga Sa Akin Bob Ong**

# From Reader Review Lumayo Ka Nga Sa Akin for online ebook

## Maria Ella says

Read this and became confused. Actually I made a love letter to the author that goes like this:

Dear Bob Ong,

Let me get this straight - GULUNG-GULU KA NA BA SA DAMI NG DEMAND SA IYO NG MGA MAMBABASA NA SUMULAT NG ROMANTIC NOVEL??? Halata kasing minadali mo itong bagong libro mo. tsk. And we both know that the comic relief crown really belongs to Kuya Manix. Why do a xerox copy of his humor? Are you challenging your die-hard fans to love your newest book though you haven't thought through it?

Nasaan ang reflections of an ordinary Pinoy? Nasa pangalan lang ng character, ganun? I haven't seen any "imprint" (yan ang tawag ko sa style and context of writing that depicts something) - like in Alamat ng Gubat, McArthur, Kapitan Sino at Mga Kaibigan ni Mama Susan. Nasan yung simpleng nakakatuwang pangyayari katulad ng nasa ABNKKBSNPLAKo, Bakit Baligtad Magbasa ang mga Pilipino, Stainless Longganisa at Ang Paboritong Libro ni Hudas?

I don't really get this, Bob. Nakakalungkot isipin na wala sa dalawang kategoryang nabanggit ko ang bagong libro mo. Sana, sa susunod mong interview (at kung tungkol sa librong ito ang interview) - please say that "This is the hardest novel ever written, because this is where I faced my greatest challenge", para yung ibang die-hard fans mo hindi rin ma-disappoint, kasi naiintindihan nila yung challenge.

I Love You Still,
- Ella

---

## Claire Capul says

Pinaka gusto ko na yatang libro ni Bob Ong. Mula sa cover hanggang sa back cover. Precious heart romances ang peg.

Pinakita dito yung mga stereotype shits sa mga pinoy movies. Kung paanong dapat may mga bandidong papatay sa bida pero yung bida hindi mapatay patay kahit madaming bandido. Kung paanong may mga lasenggero dapat sa kanto para manyakin yung leading lady at makikipagsuntukan ang bida. Kung paanong mas malupet pa ang special effects sa horror kesa sa storya mismo. Kung paanong O.A umarte ang mga nasa horror para madala naman ang eksena kasi nga pangit ang storya. Kung paanong pang witch ang tawa ng kontrabida. Kung paanong laging namamaltrato ang babaeng bida dahil may minahal na mayaman. King paanong langit ang isa at lupa ang isa.

Kung panong irelevant naman ang products sa eksena pero ipapakita talaga kasi sponsors sila. "Nalapa na ng komersyalismo ang sining. Kaya utot na lang nito ang nilalanghap natin ngayon."

Pinakitang ang dami daming nangyayari sa eksena pero kailangan talagang may manuting asal na maipapakita. "Nilagyan lang ng konting moral lesson ang pelikula para hindi maging ganap na basura."

Pinakita rin na sa Comedy, kailangang may malalait o masasaktan para funny. Na sa Horror, kailangang

magaganda ang visuals. "Ang comedy natin, puro slapstick. Ang horror natin, puro visual. I'm sensing a pattern here..." At sa sopa operas, kailangang may love triangle. Hihi.

Tapos syempre, magtatapos sa happy ending. Kasi gusto daw ng produce ng feel good ending. True enough, eto naman ang gusto ng karamihan sa mga Pilipino e. Filipinos are naturally happy nga kasi diba? Haha. Minsan lang magka bet ang bad vibes dito. Parang di naman.

"Ubos na ang dalawang oras. Anuman ang nangyari, automatic happy ending tayo."

Ganda! Award!

---

## Dale says

“Yon ang mali sa tinatawag na 'cool factor.' Para maging 'in' ka, dapat magustuhan mo yung gusto ng iba. Pero pag sobrang dami na ng may gusto, dapat umayaw ka naman dahil magiging jologs ka na. Dapat kakaiba lagi ang gusto mo, para kunyari iba ka.” - Bob Ong

Ito ang 9th book ni Bob Ong pagkatapos ng "Ang Mga Kaibigan ni Mama Susan". At sa totoo lang sobrang napatawa ako ng librong ito. Yung tipong pinagtitinginan ako ng mga kapatid ko at nagtataka kung bakit ako humahalakhak bigla. Hiniram ko lang to sa best friend ko, kasi ayokong bumili ng maiikling libro. Sayang naman yun 175 pesos kung ilang oras ko lang babasahin yung libro diba?

Feeling ko talaga hindi lang iisang tao si Bob Ong, maraming utak ang nasa likod ng siyam na libro niya. Halos lahat na ata ng genre meron siya, mapadrama, mapahorror, mapa-action, at lalo na ang comedy. Pero halos lahat ng libro nya ay satire, laging merong patama sa lahat na uri ng mambabasa basta Pilipino ka.

Ang "Lumayo Ka Nga Sa Akin" ay nahahati sa tatlong magkakaibang kwento. Yung una ay ang " Bala sa Bala, Kamao sa Kamao, Satsat sa Satsat". Ito ay binase sa mga action movies na may pareparehong konsepto. May bandidong papatayin ang buong pamilya ng bida. Magiging drayber siya ng isang maganda at mayamang babae. Habang nagdadrayb ay masisiraan sila. At dahil umuulan, may mangyayari sa kanila sa isang abandonadong kubo. Magpapaalam si babae. Kikidnapin siya ng mga bandido. Ililigtas siya ni lalaki. Mamamatay ang bandido. At happy ever after sila. Diba halos lahat na ng action may patern na. Ang dali-daling mapredict ng mga susunod na mangyayari. Nakita ko sa kwento ang pagpasok ng racial discrimination na konsepto lalo na sa ganda ng mga pinay. Nakita ko ito sa character ni Divina na isang model ng mga commercials at isang artista.

Sumunod na kwento ay horror naman, "Shake, Shaker, Shakest". Nakakatawa din ito dahil makikita mo din dito na pagdating din sa horror, wala nang bago. May pupuntaang isang pamilya sa haunted house. At nagpaparamdam ang iba't-ibang klase ng special effects na halatang halata namang peke. At natawa ako dahil sa kwento akala nila ang may sanib ay yung T.V. nila na sa totoo pala ay yung charger ng cellphone. Tapos sasanib yung espirito dun sa bunso at kakausapin nila. HAHAHA. Napansin ko din dito yung pagpapatama sa mga movie na pinapalabas tuwing pasko. Na kung titignang mabuti ay pinagkakakitaan lang ang mga bata na madaming napamaskuhang aguinaldo.

Ang pangatlo at ang huling kwento ay "Ang Asawa ni Marie". Dito ako pinaka natawa. Maala telenobela ang kwento. Ang gasgas na kwento ng isang mahirap na babae na karelasyon ang isang mayaman na binata na mula sa mayaman na pamilya. At kagaya ng iba pang walang kwentang palabas sa T.V. tuwing hapon at gabi, may love triangle din ang buhay ni Marie. Natawa nga ako nung napunta pa sya sa karagatan at tinuring na prinsesa ni Poseidon. Natawa din ako sa kontrabida. Pinapulot yung gamit niya sa putikan gamit ang

bibig. Parang Marimar lang diba? At ang pianakagustong-gusto ng mga manunuood ay yung bed scene. Grabe nakakatawa talaga si Marie A.K.A Mharilyn.

At MAAAADAMI pang patama sa libro na to para sa ating mga Pilipino. Kaya nirerecommend ko para matauhan na kayo.

---

## Alexa says

I know it would be weird to provide an English review for a book written in Filipino, but I shall shoulder on because my mind has written half of the review in English already, and it would be a shame to throw those thoughts off away.

***Lumayo Ka Nga Sa Akin*** is the ninth book of pseudonymous author Bob Ong. Though I have read only Stainless Longganisa and ABNKKBSNPLAko? (I know, shame on me), I must say that this has been my favorite Bob Ong book so far. It targets Filipino cliches in movies, but more than that, it also discusses the influence of media on the youth, among other things that I was pleasantly surprised to find in this book.

LKNSA is divided into three "movies": *Bala sa Bala, Kamao sa Kamao, Satsat sa Satsat, Shake, Shaker, Shakest*, and *Asawa ni Marie*. I was laughing the whole time because of the trademark humor, but more than that, I laughed because the cliches mentioned by the characters (who know that they are in a movie), are so true! In the first movie (which was an action one), Diego, the leading man and the hero, was fighting some evil people. One of these evil people said that they should all go lunge at him one by one instead of all together. Isn't that true for Filipino action movies? Haha. In the second movie (which is, not surprisingly, horror), a demon enters the youngest kid, Samuel, and what ensues is an unexpected intellectual discussion about the Filipinos and literature. *Parang patama*. Hehe. The third movie is apparently a teleserye. I love how random it is. Haha, but that's all I'm going to say about it. You have to read it!

---

## Jayvie says

Libro na nagpapakilala sa walang katapusang sistema sa paggawa nang mga Pelikulang Pilipino sa nakakatuwa , nakakainis , nakakalungkot at nakakamanghang paraan...mapa-action , mapa-horror , o love story man. At kung paano sirain nang komersyalismo ang tunay na galing ng tunay na mga alagad nang sining , nang mga tunay na aktor , tunay na aktres , tunay na direktor , writer , cameraman , bida , kontrabida , sidekicks , love teams , love-triangles , special effects , nakakatakot na musical score , stuntman at mga walang kamatayang extra.

"Blockbuster to."

Parody ng mga nakasanayan nating pelikulang Pilipino. Script ng tatlo sa mga uri ng pelikulang patok na patok noong 80's at 90's at kahit sa kasalukuyan. Action , Horror, at Romance. May halo din ng ibat ibang elemento ang bawat kwento. Merong hinaluan ng Comedy, Drama, Suspense, Fantasy, at Love scenes. May balak na atang maging scriptwriter ni sir Bob at pati pagwalangya sa mga pelikula ay pinatulan na.

Hindi naman talaga winalangya ni Bob ang pelikulang pilipino. Sinasabi niya lang kung anu talaga ang mga totoong nangyayari base sa mga napapansin niya sa mga pelikulang korni kung tawagin ng iba. May mga

punto siya na talaga namang kapansin pansin ang kabobohan ng gumagawa ng pelikula at pati kabobohan nating mga manonood. Hindi mo naman magawang magalit at matatawa ka na lang dahil totoo.

Minabuti kong irate ng isa-isa ang mga parody ng pelikula para mas masaya.

**Bala sa Bala, Kamao sa Kamao, Satsat sa Satsat --** *5 shits*
Action-Comedy na puno ng kakenkoyan ng mga gumaganap, mapa-bida, kontrabida o extra man. Eto naman ang pinakanagustuhan ko dahil dito mas maraming aral na kapupulutan, at mga gawi na hindi dapat tularan.

**Shake, Shaker, Shakest --** *3 shits*
Hindi ko masyado nagustuhan. Bakit? Una, dahil suspense dapat pero hindi nakakatakot. Pangalawa, walang buhay ang mga karakter (marahil yun ang dahilan kung bakit naging horror ang pelikula, dahil WALANG BUHAY ang lahat.). At pinakahuli, napakaikli at wala ako masyadong nakuhang aral.

**Asawa Ni Marie --** *4 shits*
Sa tingin ko, ito ang pinakahighlight ng libro, dahil nandito na siguro ang karamihan sa mga elemento na makikita sa isang pelikula (syempre hindi na kasama ang horror at wala na masyadong aksyon) . Dito na lumalabas ang galing ng mga alagad ng sining sa ating bansa pagdating sa paggawa ng pelikula. Pero syempre may mga kapalpakan pa rin at may pagka-eksaherada rin kung minsan. Dito na niya tinapos ang mga punto niya pagdating sa sining at sa komersyalismo.

Sa tingin, binuo ni Bob Ong ang librong ito hindi para madisappoint nanaman ang mga mambabasa niya, kundi para iparating ang mga pananaw niya pagdating sa bobong lipunan. Na sa kahit anong paraan o istilo man ang gamitin niya sa pagsusulat ay nandoon pa rin ang kagustuhan niyang maipaunawa sa mga mambabasa niya kung anu talaga ang pinaglalaban niya (kung meron man). Hindi niya intensyong maging korni (yun na ngaun ang tingin ko sa kanya hahahaha) , sumusubok lang siguro siya ng ibang paraan ng pagsusulat.

Kaya idolo ko si Bob e. Hindi nauubusan ng ideya.

---

## Gabby says

**TAGALOG REVIEW**

hayyyy!!! siguro ang dami nagagalit sa akin ngayon kasi ang baba ng binigay kong rating sa latest book ni Bob Ong .

Gusto ko si Bob Ong! Lagi ko sinasabi yan sa lahat ng taong kilala ko. kasi sya pa lang ang filipino author na may collection ako ng libro MALAKI LAGI ANG EXPECTATION ko sa kanya. yung last nyang libro Ang Mga Kaibigan ni Mama Susan hindi ko masyadong nagustuhan pero binili ko pa rin tong latest nyang libro kasi baka magkaron to ng redeeming factor. Baka ito na ang pinaka maganda nyang libro na ginawa. para

bang inside of my mind nasigaw ako ng *"This is it!! WOOOHH* hahaha!

Habang binabasa ko to , syempre si Bob Ong to. Syempre puro to katatawanan. First page pa lang nakakatawa na pero hindi ako tumawa napangiti lang ako sa mga dialogues sa libro (Masyado ba kong malalim? nyahahaha) hindo ka "feel" anf format ng libro na parang nagbabasa ka ng script. Masasabi kong ayos lang ang storya ng kada parts ng libro. nakakatawa? OO. kaya lang pag ending na parang napaka flat. parang wala lang tapos na ung storya. wala man lang akong na feel na iba kundi puro katatawanan.

Ang librong to ay tungkol sa mga nakaugalian ng mga pilipino pag nagawa ng pelikula. In a way para syang ung isa nyang libro na Bakit Baligtad Magbasa ng Libro ang mga Pilipino? kasi hinaluan din nya to ng elements na kung saan pinapahayag nya na ang mga pinoy ay ganito at ganyan. may ugali tayong ganito at ganyan at nakakaimpluwensya yon sa pag tangkilik natin sa Mass Media. Pinagdiinan sa libro ang mga "cliche" na mga telenovela at mga pelikula nating mga pinoy, siguro nakaapekto na rin sa hindi ko pagka gusto sa libro yung hindi ko panonood ng pelikulang pilipino, nanood ako ng filipino movies pero yung mga pili lang. Kagaya ng MAGNIFICO AT TANGING YAMAN. yun yng mga Movies a lagi kong pinapanood sa Cinemaone at hindi ako nagsasawa akong panoodin yun.

Basta hindi ko trip ang latest book ni Bob Ong kasi nababawan ako sa buong libro at nagustuhan ko si Bob Ong kasi naipapahayag nya ang malalim na issue s ating bansa sa nakakatuwa at meaningful na paraan. pero itong latest nyang libro parang wala syang message na gusto iparating sinisisi nya ang mass media sa nagyayari sa bansa natin. Kagaya ng hindi kagalingan sa pag English.

HAY! Opinyon ko Lang to kaya wag kayo magalit. hahahahahhahahah! XD

---

## Tina says

### Original post at One More Page

Bob Ong was a staple among my friends in college, because he provided us with quick and funny reads that keeps us afloat during stressful school days. I guess reading his books has become a habit that I haven't shaken yet, that's why I wanted to read his latest book, ***Lumayo Ka Nga Sa Akin*** (loose translation: Stay Away From Me). The title is a play on one old Filipino song *Lumayo Ka Man Sa Akin* by Rodel Naval that eventually became a title of a Filipino noontime soap opera. The book is written in script format with three stories, one that plays on the cliches found in Filipino action movies, Filipino horror movies and finally, Filipino romance movies. Since this book is written for Filipinos, it's going to be hard to explain these cliches to foreigners, so let's kind of leave it at that. Anyway, as with every Bob Ong book, the book pokes fun at different things in the Filipino society, too, with the purpose of using humor to make the readers thing.

This book reminds me of those old gag skits I used to write for my org in school. And that's the only charm of the book. Overall, I had the huge urge to just chuck the book and not finish it. There were some funny parts, yes, but it wasn't the old funny thing that Bob Ong used to write. More often than not, the jokes fall flat and are just plain corny. It's not that I didn't get it -- I just didn't appreciate it, I guess.

So it's either I've outgrown Bob Ong books, or this is just *blah*. Maybe a little of both? Or I guess I just kind of miss the *ABNKKBSNPLAKo* and *Stainless Longganisa* days.

---

## K.D. Absolutely says

**To my foreigner friends:**

This is the 9th book of my most-read author: Bob Ong. His works are all blockbusters here in the Philippines. From one book to next, he explores different genres and I think he is doing this to achieve his objective: *to make more Filipinos read books.* His real identity is not known although I think that he is about my age: 40+. In his first book, I was able to relate to his school boy experiences maybe because we came from the same strata in society. I got hooked from then on. In between that book and this one, I must admit that there were those books that I detested and thought that he was losing his steam. But this book, his ninth, won me back to his fold. I was able to relate to what he is seeing on TV, what he is reading on books and newspapers and shared his feeling as a mature good-intentioned citizen. What I am trying to say I guess is that even if he has lots of detractors, because what he is writing is far from what you can call as high-brow literature, I believe on what he is doing. It is up to his fans to "graduate" from his books and move on to those serious literature. In this book, he made one of his characters mouth this sentiment that I fully share.

I laughed several times while reading this book. I dog eared several pages which meant that I had the intention of quoting those in my review and remembering funny passages on those pages. However, they are now so many that I don't think I would like to waste your time reading those. Also, they are in Tagalog and sometimes the humor gets lost in translation.

Trust me, however, that this book is one of his best, if not *the* best. I used to lambast his other works and I was prepared to do that when I opened this book last night. It's just that I think he was anticipating this so he wrote a book, his ninth, trying to prove his detractors (me, included) wrong. He tried a totally different format (in television script form) and presented the bits and pieces of the daily life of a common Filipino in a very brilliant, funny and thought-provoking way. To anticipate his detractors (used to include me), he made some of his characters mouth his explanations as if he was able to read our thoughts and sentiments about his earlier works. I included those negative comments in my reviews for those books. Some of those I was tempted to call as garbage really.

Smart guy. His works are here to stay. Now I proud to say: ***I am a Bob Ong's fan!***

**To my Filipino friends:**

Basahin ninyo ito! Tatawa kayo! Ang saya dahil ibang putahe kaysa sa mga nasulat na nya. Maniwala kayo sa akin dahil nabasa, at talagang binasa, ko ang lahat ng libro nya at ito ang isang malaking sorpresa para sa akin. Bagong format, bagong atake. Tatlong istorya at wala akong itulak-kabigin dahil may kanya-kanya silang ganda! Nilalarawan pa rin nya ang mga pangaraw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino sa nakakatawang paraan. At may mga parte na parang ini-explain nya ang sarili nya sa pamamagitan ng kanyang mga karakters. May mga sundot na di mo mapipigilan na mangiti o matawa. At tuned sya sa mga palabas sa TV, sa sine, sa Angry Birds, sa mga horror films, sa showbiz happenings, sa Pinoy Henyo, sikat na mga kanta, atbp.

Kuhang-kuha nya ang kiliti ko. Jologs na kung jologs. 260 books ang nabasa ko this year and still counting pero isa ito sa nakapagpatawa sa akin ng sobra-sobra. Ayan, may nakakatawang ganyan dito: yong sobrang paggamit ng salitang "sobra." Pero sobra talagang sobrang nakakatawa ito. Sobrang sana ay sobrang bumili na kayo at sobrang magbasa nito dahil sobrang nakakatawa!

Bahagi si Bob Ong at ang kanyang mga libro ng literaturang Pilipino. Huwag nang magpa-deep. Loosen up! Hindi lang mga librong inggles ang maganda noh. Mga pa-deep lang ang magsasabing *korni* ang librong ito.

Ayan, ayon din yan dito sa librong ito. Ayon sa isang karakter ni Bob Ong.

Magsaya naman kayo ngayong Pasko! Tumawa at kalimutan ang mga problema!

---

## Maria says

Nope. Sorry. it didn't work for me.

There are three parts:

Part 1: okay
Part 2: bad
Part 3: worst

*anong nangyari sa mga libro ni Bob Ong? Papangit ng papangit ang laman ng mga ito?*

He is one of my favorite authors so it sucks that i didn't like this book.

*mga tatlo o limang beses lang ata ako natawa habang nagbabasa ako neto. Hay.*

Still, I collect Bob Ong's books. And many thanks to Em for my copy! ;-)

---

## Ja says

Oo nga naman, nuod ako nang nuod ng mga teleserye at pelikula pero kung minsan wala naman talaga akong napapala. Basura. Ang dami-dami rin sa ating prodyuser na pera lang talaga ang iniisip at hindi ang sining sa paggawa ng pelikula. Parati na lang ba talagang pera?

Kudos to Bob Ong! This book is great and should be read by my fellow Filipinos! :))

---

## Ayban Gabriyel says

Ewan ko, gusto ko sanang matawa sa librong ito, kaso hindi ko talaga magawa. Napangiti nya ako ngunit ni hindi nya ako napangisi o napatawa ng wagas. Okay lang, hindi ko rin naman inasahan na maganda ang libro nya ngayon at binasa ko ang libro dahil deep inside fan pa rin ako ni Bob Ong, isa sya sa naghikayat sa aking magbasa at magbasa pa maliban sa libro lang nya.

Maaaring may spoiler at kung ano-anung pang bagay na walang kinalaman sayo.

Ang Lumayo ka nga sa akin ay ang ika-siyam na libro mula sa 'di kilalang manunulat na si Bob Ong. Nabubuhay lang sa pseudonym na Bob Ong, hindi rin malinaw kung tao nga ba sya o likha lang ng imahinasyon ng mga editors ng visprint. Kung sino man sya o kung totoo man sya, ewan ko at wag ako tanungin mo. Pero mas ok na ang ganyan para mysterious. Pa-cool. Astig. Imagination.

Nahahati sa tatlong kwento ang libro ito. Naka-script type ito, tila isang script o draft ng isang pelikula o

teledrama. Isang aksyon, horror at love story. Kinukwento ng libro ang typical movie sa bansa natin at ang trip na movie ng mga manonood. Ang mga kakornihan sa aksyon movie kung saan alam naman nating sa ending na lilitaw ang mga pulis. Ang mga gulat factor at walang kwentong mga horror films natin. At ang mga love triangle sa mga love story movie sa sinehan natin.

Sa unang parte ng istorya, aksyon film ang tinalakay nya, kung paano tayo gumawa ng aksyon film sa bansa natin na laging may goons kung saan ang mga alipores ng "Bos" lahat ay naka jacket at nakashades. Ang mga maiinit na bedscenes ng bida sa kapareha nya at kung papaano siya bibihagin ng mga goons at tapos dadating ang pulis sa hulihan. Sa pangalawa ang mga walang ka-isto-istoryang horror films sa bansa natin na namumutiktik lang sa mga gulat factor at kulang sa effort na prosthetics. At sa huli ay ang mga paborito mong love triangle sa mga love story at telanovela at hinagpis ng mga bida. Kung papaano natin pinagkakasya lahat ng genre sa isang pelikula, ang tipong "feel-good" movie(mahilig daw tayo sa happy ending), gusto lagi natin pampamilya pero tingin ko hindi naman ang manonood ang may problema dun, ang may problema dun ay ang mga prodyuser na gustong masiguro ang ROI nila sa pelikula, gusto nila tumabo agad sila.

Napakaraming tinalakay ni Bob Ong dito sa librong ito, kaso kulang, ayaw nyang magmukang nanenermon masyado at magra-rant. Mukang asar si Bob Ong sa media, o marahil sa mainstream media kung saan pinipili lang nila ang mga bagay na gusto nilang ipakita at wag ipakita. Totoo naman na naaapertuhan ng media kung papaano natin tingnan ang mundo at ito ay ayon sa kanilang perspektibo. Kung papaano tayo namamanipyula ng mga subliminal message ng mga komersyals. (Basta marami, kung interesado ka basahin mo ung libro). Nagmukang hypocrite si Bob Ong sa libro nya. Bakit? Dahil ang dami nyang sinabi. Eh ganun din naman ang ginagawa nya.

Sa libro hindi lang film industry ang pinasadahan nya kung hindi lahat ng sangay ng sining sa bansa natin. Isa sa na dyan ang pagsasara ng mga matitinong radio station sa atin, naalala ko bigla ang NU107. Nalungkot ako bigla. Lalo na nung naalala ko nung kinabukasan nang maglast signoff sila nung Nov 7 2010 at kinabukasan nun. Static. Tapos nung alas-dose ng tanghali may tugtog na uli sya, kaso-- nag change ng setup ang istation, naging LOVE-RADIO-TYPE-PAPA-JACK-SHIT ang frequency sa 107.5. Sige REMAKE pa, REVIVE pa, REMIX mo pa.

Hindi ko naman T-IN-AKE-SEROUSILY ang libro, pero hindi ko pa rin makuhang matawa dahil karamihan sa sinabi nya ay may bahidng katotohanan. At katotohanan na hindi ko makakaila at tulad rin ng sabi nya, wala rin naman tayong gagawin, gigising tayo bukas at magsasaya, magtatawanan, sisisihin ang sistema ang walang kamatayang sistema.

*jumpshot!*
*click*

Credits-

---

## DC says

Bago ang lahat: Hindi ako mahilig mag-saliksik ukol sa isang libro bago ko ito basahin, kaya nagulat na lamang ako nang malaman ko na hindi pala nobela ang librong ito, kung hindi ay koleksyon ng tatlong dula /

screenplay. (Aksyon / horror /drama -- o yun nga lang ba?)

Babala: Sa aking palagay, nangangailangan ng mambabasa ng konting pag-iisip, at konting pagkakaintindi sa larangan ng industriyang panlibangan, para tunay na maunawaan at mabigyang-halaga ang mga dulang ito. Patnubay ng magulang ay maaaring kailanganin. Huwag din lamang kalimutang isuot ang 3D Glasses.

[Dahil sa patuloy na pag-aaral at pag-hahasa ng kaalaman ko sa araling panlipunan, ako'y lubos na natuwa (at lubos ding nadismaya) sa mga eksenang ipinalabas sa librong ito.]

Nakakatawa (para sa akin) ang simpleng pag-lalahad ng mga bida(?) at kontrabida(?) ng kanya-kanyang kwento ang totoong kalagayan ng sitwasyon ng kasalukuyang (2012!) estado ng pamPilipinong sine at panitikan (at iba pang porma ng sining). Kalunus-lunos man ang katotohanan, ako'y humalakhak pa rin sa pag-ganap at pag-arte (ng walang ka-workshop-workshop!) ng mga tauhang ito nang ayon sa kanilang parte: cliche', madaling mahulaan, gamit na gamit na personalidad. [Magsama kayo ng palitaw mo sa impyerno!]

Ngunit hindi lamang ang mapapanood natin sa telebisyon o makikita sa sine ang tila binabatikos sa mga dulang ito. Narito rin ang paglalarawan ng pang-araw-araw na (kung tutuusin nga naman) buhay ng karaniwang Pinoy - ang pag-pila para makasali sa sikat na variety show, ang pagiging call center agent, ang Facebook / Twitter / Angry Birds, ang nakakalat na basura sa tabi-tabi, ang pinakapangit na paliparan sa buong mundo. Sa isang libro, natalakay ang lahat ng ito (at marami pang ibang paksa!), at (para sa akin) sa isang kakatwang paraan pa!

Para sa akin, ang sarap talaga nitong basahin. Ito'y hindi lamang dahil sa paraan ng panunulat, kung hindi ay para rin sa maraming palaisipan na ansarap (at o kay pait) na namnamin.

Goojab!

PS: Ang ikalawang screenplay rito ay hindi ko lubos na nagustuhan, bagaman kawiliwili rin naman nitong basahin. Totoo, may mga malalim na paksa rin dito, pero tila hindi masyadong nagningning (para sa akin) ang mga tauhan dito, at mas nagmukha siyang diskurso kaysa sa isang pag-kukwento.

---

## Izia says

Ito ang unang tagalog review ko. Pagpasensyahan nyo na kung may mga *Taglish* na makakalusot.

Paborito kong manunulat si Bob Ong. Sa katunayan, kumpleto ko lahat ng mga libro nya at isa sya sa tanging dalawang Pilipinong manunulat na pinagaaksayahan ko ng oras (at pera) ang mga libro. Nasubaybayan ko ang lahat ng mga libro nya, kaya masasabi kong saksi ako sa pag-evolve niya bilang isang manunulalat. Mula sa mga nakakaaliw na sanaysay (Abnkkbsnplako, Stainless Longanisa, Bakit baliktad magbasa ng libro ang mga Pilipino), hanggang sa mga fantasy (Alamat ng Gubat, Paboritong Libro ni Hudas, Kapitan Sino), Drama (MacArthur) at pati horror (Mga kaibigan ni Mama Susan), lahat yan natalakay na ni Bob Ong at malayo na ang narating niya. Kung naging mas magaling ba siyang manunulat? Iyon ang hindi ko pa rin mapagdesisyunan hanggang ngayon.

Sa lahat ng libro ni Bob Ong, hindi niya nakakalimutan isama ang mga nakakainis, nakakatuwa at minsan, nakakahiyang kultura at ideyang pinoy. Oo, madalas, parang nagsesermon ang tono na ginagamit niya. At minsan, parang sampal sa mukha nating mga Filipino, marami ang naiinis at nagsasabing, anong karapatan niya para manghusga at manlait ng kapwa kababayan? Pero aminin natin, lahat naman ng sinusulat niya ay totoo at nangyayari sa araw araw na buhay. At tama ang kasabihan, minsan, masakit tanggapin ang

katotohanan.

Ang Lumayo ka nga sa akin ay binubuo ng 3 maiiksing kwento na sinadyang gawing parang script ng pelikula at alam ng mga karakter na nasa pelikula lamang sila. Ang unang kwento ay Action na may pamagat na Bala sa Bala, Kamao sa Kamao, Satsat sa Satsat. Ang pangalawa ay horror na may pamagat na Shake, Shaker, Shakest at ang pangatlo ay drama/love story/fantasy na ang pamagat ay Asawa ni Marie.

Sobrang nakakatawa ng libro na 'to. Ang daming pagkakataon na napapahalakhak ako dahil sa mga dialogue ng mga bida. Kuhang kuha rin ni Bob Ong ang mga "cliche" ng pelikulang Pilipino pati na rin ang takbo ng komersyalismo sa bansa.

Nakakatawa pero nakakalungkot. Nalulungkot ako kasi ang librong ito ay tumatalakay sa isang seryosong usapin ngunit namamaskarahan ng cheap na mga dialogue, nakakainis na karakter at corny na jokes. Nakakatawa kung nakakatawa. Pero naisip ko, bakit hindi na lang ginawang sanaysay ang librong ito gaya ng Abnkkbsnplako, kaysa hatiin sa 3 istoryang kung tutuusin ay wala naman talagang kwenta?

Wala akong nakikitang masama sa ginagawa ni Bob Ong na pagmumulat sa mga mata ng mga mambabasa para makita ang realidad na nangyayari sa bansa natin ngayon. Wala akong pakealam kung magsermon man siya ng magsermon. Tama naman siya. Pero sana man lang, gumawa siya ng effort na pagandahin man lang ang mga istorya ng librong ito. Oo, alam kong sinasalamin nito ang mga pelikulang Filipino, pero hindi ba nakakainis isipin na kung anong kalidad ng mga pelikulang nilalait dito, ganoon din ang kalidad ng librong ito? Kung gagawa din lamang ng panlalait, hindi ba dapat mas de kalidad na ang ipantatapat?

Gusto kong gustuhin ang librong ito dahil Mahal ko si Bob Ong at bibilhin ko pa rin ang mga susunod na librong isusulat niya. Pero alam kong kaya niyang gumawa ng mas higit pa rito. Hinsi ko sinasabing pangit ang librong ito, binigyan ko nga ito ng 3 star, ibig sabihin, nagustuhan ko. Kung gusto mong matawa, basahin mo to. Kung gusto mong mamulat sa mga nangyayari sa aspetong sining ng bansa, basahin mo 'to. Pero kung gusto mo ng magandang istorya, humanap ka ng ibang libro dahil hindi ito ang para sa'yo.

---

## Mark says

Despite writing in a pseudonym and his identity is yet to be revealed, Bob Ong is one of the most influential authors in the Philippines today. I consider him as one of the agents of change. His works are always an eye-opener to the situation of the Philippines and the flaws in our system. His books are always, to a certain degree, will make you feel guilty about your actions and be an agent of change yourself. His books have become the staple source of information for those who wants to get a picture of the real situation of the Philippines. His books are insights congealed with humour. His way of pinpointing the fault in the system is what I consider as unique. In order, Lumayo Ka Nga Sa Akin is his ninth book. I have only read two of his books before this books and that is MacArthur and Alamat ng Gubat.

When it comes to creativity of book format and style, it seems like Bob Ong never runs out of ideas. From his usual short story collections that ranges from fiction to non-fiction, to horror and drama, then moving to a graphic novel type of book, and now his creativity this time takes readers to a book made as a screenplay, yes, like the script in movies. Lumayo Ka Nga Sa Akin (Loose translation: Get Away from Me) contains three short stories that converge at the end.

**Part 1: Bala sa Bala Kamao sa Kamao Satsat sa Satsat** – An action movie that follows Diego's misadventures, an action star who is seeking revenge against the bad guys that killed his parents, his wife, Ashley, and everyone who attended their wedding on their wedding day.

The plot follows the themes and formats of classic Filipino action and comedy movies popular during the 80's to 90's like for instance the use of slapsticks and predictable flow of story and ending.

**Part 2: Skake Shaker Shakest** – A horror movie that follows a family that is "forced" to stay in a haunted house for several days.

The plot follows the themes and formats of Filipino horror movies. Possession of evil spirits, family drama in the midst of horror and musical score that is the same as the last Filipino horror movie you watched.

**Part 3: Asawa ni Marie** – A movie drama that follows Maria's rags to riches story and his search for true love.

The plot follows the themes and formats of Filipino telenovelas popular during the 90's wherein we follow the struggles, hardships and sacrifices of a poor girl growing up until he gets her revenge to those who wronged her and eventually marry his childhood sweetheart.

Opening a Bob Ong book is like opening a box that you don't know what's inside. One thing I learn from reading Bob Ong is to never be deceived by what's on the cover. Judging it from it's cover, from afar, it may look like a Tagalog romance pocketbooks of some sort primarily because of its pink color and the couple kissing. You know, the small size Tagalog love story pocketbooks that frequent the normal Filipino household that reached it's peak of popularity during the 90's up until early 2000. But it is very far from that. The book is a satire of Philippine media that covers topics from local movies, local TV reality contests and shows, local print media and social media.

The book's value in today's Philippines is very significant. It is a commentary about how the Philippine media is on a steep decline which, as the books points out, not only is being caused by the media companies but also us, who watch, reads and allows it to be that way and how we are also to be blamed for the it's downfall.

> **“Yon ang mali sa tinatawag na 'cool factor.' Para maging 'in' ka, dapat magustuhan mo yung gusto ng iba. Pero pag sobrang dami na ng may gusto, dapat umayaw ka naman dahil magiging jologs ka na. Dapat kakaiba lagi ang gusto mo, para kunyari iba ka.”**
> ? Bob Ong, *Lumayo Ka Nga Sa Akin*

The book criticizes how producers in the film and TV are always using the try and tested formula. Producers and directors are afraid to try and create unique and varied content because of the risks that the movie or TV show won’t sell. Instead of focusing on the substance and depth of the film or TV show, the media invests more on overrated concepts, predictable plots, good visuals and good-looking actors. And the ending? Moviegoers and televiewers are always being presented with recycled materials that are either a sequel or a

remake. How it seems like the media has taken advantage of us and how the population remains ignorant about it. The author points out that the mediocrity and stereotyped content of the Philippine movies and TV shows have become so common that Filipinos are more keen on patronizing those type of content. We have accustomed ourselves to what we always see, watch and read and that's what we always support. Expanding the horizons of both the media companies and the viewers is what the author suggests.

The book also talks about the effect of commercialism to us. It talks about how businesses try to influence us but we don't notice it. It also points out how we are becoming irresponsible with how we use different social media sites. It talks about TV personalities running for public office. It talks about the billboard fiesta in our major roads. It talks about the death of the Original Pilipino Music (OPM). This book really contains a lot! This book's worth is totally worth it.

> **“Isa pa, pwede nga ring yung TV talaga ang may sumpa. Dahil ang TV, para ring drugs, pero ligal. Isipin mo, bakit isa ito sa mga unang-unang pinupundar ng mga Pilipino kahit gaano sila kahirap? Kasi malaking tulong ang telebisyon para lumimot. Para tumakas sa realidad.”**
> ? Bob Ong, *Lumayo Ka Nga Sa Akin*

The book is written in a script-like form where readers are taken to the scenes itself. The book's first person type of writing is effective for me especially with how the author wants the message to be conveyed. The author wants us to reflect and feel to ourselves what we unconsciously do and ponder about it.

Reading a book in a screenplay format is a first time for me. The author being known to deviate from the usual storytelling, I find this book so amusing and so unique. I consider it balance, enough to be not too preachy. The thoughts are cohesive to be taken as one. All things worked for me in this novel. I relate to the message of the book because I, myself, is guilty of what the book pinpoints as wrong but we still keep on doing. It's funny because you get to relate to it but when you realize what the author means, and the author writes sarcastically, you begin to think reflect about it. I like when the author does that, his criticisms are always on point.

What I also like about this book is how the author encouraged the youth to read. The author values reading and he knows the value of books in shaping the minds of the youth. Instead of criticizing the books that the youth read today, we should applaud them for reading and encourage them to read diversely.

> **“ako, ang hinahangaan kong tao na mahilig sa libro e yung may matututunan ka pag kausap mo, yung makikita mong naging marunong at mabuti siyang tao dahil sa pagbabasa niya ng mga libro.”**
> ? Bob Ong, *Lumayo Ka Nga Sa Akin*

Bob Ong writes about things that we know happens and know that something is wrong but are afraid or don’t know how to point it out. He shows us the slap-in-the-face reality. He doesn't only criticizes but also offer suggestions. The message and intention of this book is clear. The author wants us to be an intelligent Filipino consumer and viewer. We should demand better content. Maximize and properly use the resources being given to us. We should not use the different social media platforms just for our rants and whines but rather to air our dismay in the current system. There are a lot of things to be done and a lot of things that needs to be changed and definitely nothing will happen unless we start it. If we just keep mum about this things that's happening, producers and media companies will continue to sell us the same content. Unless our taste change, nothing will happen.

This book is dedicated to media practitioners that this may serve as a way for them to start the difference and uphold the values that is much needed rather than feed the minds of the general public with unsubstantial content. Like with other Bob Ong books, this book hopes for changes.

> **“Tatawa lang sila. Tatawa lang sila at sisisihin ang sistema. Ang laging bida at walang kamatayang sistema.”**
> ? Bob Ong, *Lumayo Ka Nga Sa Akin*

4 stars out of 5.

---

## Neil (or bleed) says

> *"Higit sa mga prestihiyosong pagkilala, mas kailangan ng libro ng mga mambabasa."*

Kakabasa ko lang ulit nito nung isang araw (may nakita kasi kong nakahambalang sa kwarto ng pinsan ko) at ang masasabi ko lang "Love is lovelier the second time around". Hahaha! Pero seriously, natawa pa rin ako sa pagbabasa ng librong ito. Maraming beses. At nasaktan rin dahil medyo tinamaan ako sa mga hirit ni Bob Ong. At humanga rin dahil ang galing nya napansin at naisip pa nya yon, I mean, yung mga sinulat nyang panunuligsa.

Nahahati ito sa tatlong kwento. Yung una hango sa tipikal na Filipino-action movie. Yung pangalawa sa title pa lang alam mo nang Shake, Rattle and Roll ang ginaya. Tapos yung pangatlo, re-hash ng Marimar. Pang-script ang writing style na ginamit ni Bob Ong since parang hinango nga sa movie yung tatlong kwento.

Preach-y na kung preach-y pero sa aking pakiwari'y tama naman yung mga napansin at naisip ni Bob Ong sa mga bagay-bagay sa mundo (kasi napansin ko rin at alam kong napansin nyo rin); tungkol sa mga pelikula, mga libro, tv, media, etc. Ginamit nya ang librong ito para isambulat sa atin ang mapapait at masasakit na katotohanan tungkol sa mga nabanggit sa itaas (at sa hindi rin nabanggit sa itaas). Yun talaga siguro ang point ng Lumayo Ka Nga Sa Akin, dinaan nya lang sa mga kwento para maiba naman at para talagang

entertaining.